Alert.seattle.gov/tsunami [Alert.seattle.gov/tsunami]

Ang Mga Pangyayari: May inilabas na tsunami warning (babala na may darating na malaking tsunami at kailangang lumikas) para sa Pasipikong Baybay-dagat ng Estado ng Washington. Ang mga tsunami ay sunod-sunod na alon na resulta ng isang lindol sa ilalim ng sahig ng dagat. Maaaring magresulta sa malalakas na agos ang mga alon anuman ang laki, na maaaring magdulot ng pinsala at madaling tumangay ng mga tao.

Ano ang dapat gawin:

- Kung nasa baybay-dagat at nadadamang lumilindol, protektahan muna ang sarili at pumunta sa ilalim ng isang mesa o matibay na muwebles. Ang pagyanig ng lupa ay ang inyong babala na magkakaroon ng tsunami. Sa sandaling huminto ang pagyayanig, tumakbo sa mas mataas na lupa. Kung walang mas mataas na lupa o kulang sa panahon upang maabot ang mas mataas na lupa, umakyat sa mas mataas na lapag ng isang gusaling may higit sa isang lapag.
- Kung hiniling ng mga awtoridad na lumikas, gawin ito agad. Sundin ang anumang mga inirekomendang rutang ibinigay sa evacuation notice (pahayag na kailangang lumikas). Maaaring may mga nakapaskil na karatula sa mga kalye at highway ang ilang ruta.
- Kung hindi kayo maaaring lumisan sa isang sasakyan, lumakad at tuwirang magpunta sa pinakamalapit na mataas na lupa. Iwasan ang mga lawa at wetland na madalas bumabaha at nalulusaw kapag may mga aftershock.
- Manatiling nakikinig sa radyo upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa emerhensiya.
- ***Kung may kilala kayong hindi naiintindihan, nakikita o naririnig itong mensahe, mangyaring sabihin sa kanila ang impormasyong ito.***

Mga link na makakatulong:

http://mil.wa.gov/emergency-management-division/hazards/tsunami

http://www.tsunamiready.noaa.gov/

http://www.ready.gov/tsunamis